

# PAGPAPATAW NG BUWIS SA TRANSPORTASYON UPANG PAGALAWIN ANG SEATTLE



## PILAS NG MGA KATOTOHANAN NG HUNYO 2015

TAGALOG

### Kalagayan

Ang mga kalye, bangketa, at tulay ng Seattle ay nagpapagalaw sa daan-daan ng libo-libong mga tao araw-araw. Sa ibabaw niyan, sinusuportahan nila ang akses sa kargamento, na tinitiyak na ang mga kalakal ay nakapapasok sa at sa loob ng lungsod upang ang mga istante ng mga tindahan ay may laman at mga parsela ay makararating sa inyong pinto.

Sa nakalipas na walo at kalahating taon, ang pagpapataw ng buwis sa transportation na Bridging the Gap ay tumulong na mapabuti ang kaligtasan sa kalsada, mamuhunan sa mga pasilyo ng transit, at gumawa ng pangunahing pagpapanatili. Ang kasalukuyang buwis ay mawawalan ng bisa sa katapusan ng 2015.

Noong Marso 2015, si Alkalde Murray ay nag-anunsiyo ng isang borador na panukala para sa isang pagpapataw ng buwis na ipapalit – ang Pagpapataw ng Buwis sa Transportasyon upang Pagalawin ang Seattle – na naglalayong pangalagaan ang mga batayan, habang namumuhunan din sa hinaharap na may pagpapabuti upang pagalawin ang higit pang mga tao at kalakal sa at sa palibot ng isang lumalagong Seattle.

Noong Marso at Abril, ang Alkalde at SDOT ay sumangguni sa mga pamayanan sa buong Seattle upang kumuha ng dagdag sa borador na panukala. Bilang tugon sa sagot ng pamayanan, binago namin ang panukala bago isinumiteng muli sa Konseho ng Lungsod ng Seattle noong Mayo. Sa pamamagitan ng prosesong lehislatibo, inamyendahan ng Konseho ng Lungsod ang panukala, at noong Hunyo 29, bomoto upang ilagay ang pagpapataw ng buwis sa Nobyembre 2015 na balota.

### Gastos

Ang \$930 milyon na buwis ay babayaran sa pamamagitan ng buwis sa ari-arian na magkakahalaga sa may-ari ng isang panggitnang (\$450,000) tahananang Seattle ng halos \$275 bawat

taon. Kung ihahambing, ang matatapos na pagpapataw ng buwis na Bridging the Gap ay nagkakahalaga sa parehong may-ari ng tahanan ng halos \$130 bawat taon.



Karagdagan sa \$930 milyon na nalikom sa buhay ng pagpapataw ng buwis, ang Lungsod ng Seattle ay nagtataya na ang mga pondong ito ay magagamit upang pakilusin ang halos \$2 bilyon sa karagdagang mga pamumuhunan sa transportasyon.


Ang pilas ng mga katotohanang ito ay naglalaman ng listahan ng mga proyekto at mga lugar ng programa na inaasahan naming magagastusan sa siyam na taon ng pagpapataw ng buwis, kung ito ay papasa. Magtataka ang Konseho ng Lungsod ng taunang paglalaan ng gugol sa pamamagitan ng badyet ng Lungsod bawat taon.

Sa pamamagitan ng proseso ng Konseho, muli naming binago ang inisyal na apat na mga kategorya ng pagpapataw ng buwis sa tatlong bagong mga grupo:

1. Ligtas na mga Ruta
2. Pagpapanatili at Pag-aayos
3. Pag-ibsan ng Pagsisikip

Ang sumusunod na mga pahina ay nagbabalangkas ng mga proyekto at mga halaga sa dolyar sa mga bagong kategoryang ito.

KATEGORIYA	PAMUMUHUNAN NG PAGPAPATAW NG BUWIS
 <p><b>Ligtas na mga Ruta</b> Maglaan ng ligtas na aksesibol na mga ruta na nagkokonekta sa mga paaralan, mga hub ng transit, at ibang mga destinasyon.</p>	\$207M
<p><b>Bisyon Sero – Isakatuparan ang programa upang alisin ang seryoso at nakamamatay na mga banggaan</b></p>	<b>\$71M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Ligtas na mga Pasilyo: Tapusin ang 12 – 15 mga proyekto sa ligtas na mga proyekto, nagpapabuti ng kaligtasan para sa lahat ng mga manlalakbay sa ating mga kalye na may pinakamataas na banggaan</li> </ul>	\$23M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Ligtas na mga Ruta sa Paaralan: Tapusin ang 9 – 12 mga proyekto sa Ligtas na mga Ruta sa Paaralan sa bawat taon kaalinsabay ng edukasyon hinggil sa kaligtasan, nagpapabuti ng kaligtasan sa paglalakad at pagbibisikleta sa bawat pampublikong paaralan sa Seattle. Tapusin ang mga proyekto sa loob ng unang tatlong taon ng Pagpapataw ng Buwis sa mga sonang lalakaran ng sumusunod na mababang paaralan na may mataas na antas ng kahirapan: Bailey Gatzert, Martin Luther King, Jr., West Seattle, Dunlap, Dearborn Park, Wing Luke, Northgate, Van Asselt, Emerson, Concord, Rainier View, Roxhill</li> </ul>	\$7M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Senyas at Marka: Pataasin ang dalas ng muling pagpipinta ng tawiran sa apat bawat taon o mas mahusay na siklo upang matiyak na ang bawat tawiran ay malinaw na namarkahan.</li> </ul>	\$4M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Operasyon ng Transportasyon: Panatilihin at pagbutihin ang sistema ng mga signal sa trapiko, senyas at marka</li> </ul>	\$37M
<p><b>Kaligtasan ng Tumatawid at Bisikleta – pangalagaan ang ating pinakamahinang mga manlalakbay – mga taong naglalakad at nagbibisikleta</b></p>	<b>\$110M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Kaligtasan ng Bisikleta: Magtayo ng halos 50 milya ng bagong pinangalagaan na mga linya ng bisikleta at 60 milya ng mga luntiang daanan, na tinatapos ang mahigit sa kalahati ng Pangunahing Plano ng Bisikleta na network sa buong lungsod. Hinggil sa mga pondo na natukoy sa elementong ito, nakareserba ang \$2 milyon para sa pagsasakatuparan ng mga pagpapabuti ng bisikleta bilang bahagi ng proyektong Aksesibol na Mount Baker.</li> </ul>	\$65M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Kaligtasan ng Tumatawid: Ayusin ang hanggang 225 bloke ng sirang mga bangketa sa ating mga sentro ng lungsod at nayon.</li> </ul>	\$15M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Kaligtasan ng Tumatawid: Gumawa ng pagpapabuti ng rampa ng kurbada at tawiran nang hanggang 750 interseksiyon sa buong lungsod</li> </ul>	\$30M
<p><b>Mga proyekto sa kapitbahayan</b></p>	<b>\$26M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Proyekto sa Kapitbahayan: Tapusin ang 20-35 mga prayoridad na proyekto sa kapitbahayan upang mapabuti ang kaligtasan, paglilipat at akses at kalidad ng buhay sa mga kapitbahayang iyon.</li> </ul>	\$26M
 <p><b>Pagpapanatili at Pag-aayos</b> Bawasan ang backlog ng trabaho sa pagpapanatili at pag-aayos sa mga pangunahing arterial at mga pinakaabalang kalye ng Seattle</p>	\$420M
<p><b>Pagpapanatili ng mga kalye</b></p>	<b>\$250M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagpapanatili ng Arteryal na Daanang Kalsada: Muling sementohan ang hanggang 180 linyang milya ng mga arterial na kalye na nagdadala ng karamihan sa mga tao at kalakal (na pinondohan din sa pamamagitan ng 7 pinahusay na mga koridor ng transit, sa ibaba)</li> </ul>	\$235M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagpapabuti ng Pagsesemento ng Mismong Lugar: Muling pagsesemento ng 65 pinapakay na mga lokasyon bawat taon, na may kabuuan ng halos 70 linyang milya ng arterial na kalye, na may programa ng pag-aayos at pagpapanatili na pinatatakbo ng mga kawani ng Lungsod</li> </ul>	\$15M

<b>Mga Tulay at Istruktura – panatilihing ligtas ang ating mga tulay</b>	<b>\$140M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapanatili ng Tulay at mga Istruktura: Alisin ang backlog ng kinakailangang mga pag-aayos ng mismong lugar sa tulay</li> </ul>	\$25M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Pagpapabuting Seismiko ng Tulay: Seismikong palakasin ang 16 mahihinang mga tulay</li> </ul>	\$68M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapalit ng Tulay: Palitan ang huling kahoy na daanan ng sasakyan na tulay ng Seattle (sa Fairview Avenue)</li> </ul>	\$27M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapalit ng Tulay: Planuhin at idisenyo ang mataas na prayoridad na mga pagpapalit ng tulay na magsisimula ang konstruksiyon pagkatapos ng 2024. Hinggil sa mga pondo na natukoy sa elementong ito, hanggang \$10 milyon ng kabuuang pagpopondo (lokal, pagpapataw ng buwis, pagpapakilos) ay maaaring gamitin para sa pagsasakatuparan ng malapit sa katapusan na mga proyekto ng kaligtasan ng tumatawid at bisikleta sa mga tulay na pinag-aaralan para palitan (karagdagan sa pagpopondo na ibinigay para sa mga proyekto ng kaligtasan ng tumatawid at bisikleta sa ibang mga elemento).</li> </ul>	\$15M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapanatili ng Tulay at mga Istruktura: Ibang mga pamumuhunan sa kaligtasan ng tulay kasama ang pag-aayos at rehabilitasyon ng hagdanan at istruktura</li> </ul>	\$5M
<b>Gubat sa lungsod at kanal</b>	<b>\$30M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagtatabas ng Puno: Magdagdag ng bagong kawani ng puno na nakatuon sa madaling pagtugon sa kritikal na mga pangangailangan sa pagtatabas (tulad ng mga daanan para sa mga taong nagbibisikleta at naglalakad, at sa mga hintuan ng transit) at tinitiyak ang malinaw na linya ng paningin sa mga signal at senyas ng trapiko</li> <li>• Pagtatanim ng Puno: Palitan ang bawat puno na inalis dahil sa sakit o kaligtasan ng dalawang bagong mga puno</li> </ul>	\$20M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pakikipagsosyo sa Kanal: Makipagsosyo kasama ang Seattle Public Utilities upang sementohan ang mga kalye, magbigay ng bagong mga imprastruktura at tawiran ng tumatawid, at tugunan ang mga isyu sa kanal sa mga nababahang lugar sa kapitbahayan ng South Park</li> </ul>	\$10M
 <b>Pag-ibsan ng Pagsisikip</b> <i>Pahusayin ang mga pagpipilian sa transportasyon sa buong network</i>	\$303M
<b>Pagpapabuti ng Paglilipat sa Pasilyo – pagpapanibago ng mga kalye</b>	<b>\$169M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Pagpapabuting Multimodal: Tapusin ang 7 mga proyekto sa pasilyo na multimodal ng transit plus, na muling dinidisenyahan ang mga pangunahing kalye na may mas malimit at maaasahang bus, pinataas na gradong pagsesemento, mga signal at ibang pagpapabuti upang mapabuti ang pagkakonektado at kaligtasan para sa lahat ng mga manlalakbay, sa paglalakad man, pagbibisikleta, pagmamaneho, o pagsakay sa transit; tapusin ang nawawalang kawing ng Landas ng Burke Gilman, mga proyekto sa Fauntleroy Way Southwest Boulevard, bumuo ng mga plano at tapusin ang mga pagpapabuti upang pahusayin ang Pasilyo ng NE 45th St sa oras na magbukas ang Magaang Riles ng University sa 2021, at magplano ng pagpapabuti ng pasilyo para sa Aurora Ave N.</li> </ul>	\$104M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapabuti ng Pag-ooras ng Signal sa Trapiko: Painamin ang pag-ooras ng signal sa trapiko sa 5 mga pasilyo sa buong lungsod bawat taon upang mapabuti ang daloy ng trapiko at paglingkuran ang mga tao na nakasakay sa kotse at trak, sa bisikleta, transit, at naglalakad</li> </ul>	\$13M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Pagpapabuti ng Sistema ng Matalinong Transportasyon: Isakatuparan ang mga Pagpapabuti ng Sistema ng Matalinong Transportasyon para sa Susunod na Henerasyon upang tumulong sa lahat ng mga manlalakbay na gumalaw na mas maaasahan sa palibot ng lungsod at magbigay ng pinabuting impormasyon para sa mga manlalakbay</li> </ul>	\$17M
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Pagpapabuti ng Pasilyo ng Transit: Gawing mas maaasahan ang serbisyo sa bus sa pamamagitan ng isang komprehensibong programa ng pagpapabuti ng transit upang alisin ang mga pagsisikip sa mga susing lokasyon at mag-ambag sa mga pagpapabuti ng transit sa 7 mga pasilyo ng transit plus kasama ang pagpapalano para sa mga pagpapabuti ng pasukan at labasan sa tangway ng West Seattle.</li> </ul>	\$35M

<b>Mga Pagpapabuti ng Pakikipagsosyo sa Magaang Riles – pagbutihin ang mga koneksiyon sa magaang riles</b>	<b>\$27M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Koneksiyon sa Magaang Riles: Magbigay ng ambag ng lungsod sa pagpopondo para sa bagong Kawing ng istasyon ng Magaang Riles sa Graham Street sa timog-silangang Seattle</li> </ul>	\$10M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Tulay ng Northgate: Magbigay ng karagdagang pagpopondo ng Lungsod para sa tulay ng tumatawid at bisikleta sa 1-5 na nagkokonekta sa magaang riles sa Northgate</li> </ul>	\$15M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Koneksiyon ng Magaang Riles: Isakatuparan ang maagang bahagi ng proyektong aksesibol na Mt. Baker</li> </ul>	\$2M
<b>Mga Pagpapabuti ng Tumatawid at Bisikleta – gawin itong mas madaling lakaran at daanan ng bisikleta.</b>	
Hinggil sa mga pondo na tinukoy sa elementong ito, \$2 milyon ay irereserba para sa pagsasakatuparan ng mga pagpapabuti ng tumatawid bilang bahagi ng proyektong Aksesibol na Mount Baker.	<b>\$68M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Bagong mga Bangketa: Magtayo ng 150 bagong mga bloke ng mga bangketa, pinupunan ang mahigit kaysa 75% ng mga pagitan ng bangketa sa mga prayoridad na pasilyo ng transit sa buong lungsod na may diin sa paglikha ng aksesibol na mga ruta para sa mga may kapansanan at para sa mga matatanda</li> <li>Mga Pasilidad sa Bisikleta at Paglalakad: Gawin ang mga kalye sa mga kabahayan na walang mga bangketa na mas ligtas at mas komportable para sa paglalakad, kasama ang pakikipagsosyo sa Seattle Public Utilities sa mga nababahang kapitbahayan ng Broadview</li> </ul>	\$61M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Pasilidad sa Bisikleta at Paglalakad: Maglagay ng 1,500 na bagong paradahan ng bisikleta sa buong lungsod at panatilihin ang umiiral na mga pasilidad para sa bisikleta</li> <li>Mga Pasilidad sa Bisikleta at Paglalakad: Ibang mga pamumuhunan sa pagbibisikleta at paglalakad</li> </ul>	\$7M
<b>Mga Pagpapabuti ng Paglilipat ng Kargamento – kargamento at paghahatid</b>	<b>\$39M</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Pagpapabuti ng Pakikipagsosyo: Magbigay ng lokal na pera upang magdisenyo at itayo ang Overpass ng Lander Street</li> </ul>	\$20M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Network ng Mabigat na Pagkabig: Itayo ang pasilyo ng East Marginal Way, isang susing ruta sa Network ng Mabigat na Pagkabig ng Seattle</li> </ul>	\$5M
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Pagpapabuti ng Mismong Lugar: Magpondo ng isang programa ng pagpapabuti ng pinapakay na mismong lugar upang tumulong sa paglilipat ng kargamento</li> </ul>	\$14M
<b>Pinakakabuuan (Lahat ng mga Kategoriya)</b>	<b>\$930M</b>

Alamin ang higit pa sa [www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle](http://www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle)

**MGA TANONG?** Makipag-ugnayan kay Allison Schwartz sa [allison.schwartz@seattle.gov](mailto:allison.schwartz@seattle.gov) o sa (206) 386-4654